## MGA KABATAAN

### Paglilingkod sa Iba nang May Pananampalataya



Sinabi sa atin ni Pangulong Uchtdorf na ang ating pananampalataya sa Diyos ay *kailangang* "samahan ng gawa." Kapag ang ating pananampalataya ay "palaging may kasamang gawa," paliwanag niya, "pinupuspos nito . . . ang kaluluwa ng kapayapaan at pagmamahal." Sa pangako ng pagpapalang ito, *maaari* tayong makagawa ng kaibhan, at makikita natin ito sa ating buhay kung maglilingkod tayo nang may pananampalataya. Maaari kang manalangin tuwing umaga para humingi ng tulong sa Panginoon sa paglilingkod sa iba. Halimbawa, hilingin sa Kanya na ipakita sa iyo kapag nangailangan ng tulong ang isang kapatid sa gawaing-bahay o nangailangan ng papuri ang isang kaibigan. Pagkatapos, kapag nakatanggap ka ng pahiwatig, sundin ito! Kung makakagawian mo ang pagdarasal at paglilingkod na ito, ang iyong matapat at patuloy na paggawa ay magpapala sa buhay mo at ng ibang tao. Nangako si Pangulong Uchtdorf na "makakaya [mong] baguhin ang mga indibiduwal, pamilya, bansa, at ang mundo."

## MGA BATA




### Tiwala

Subukan ang aktibidad na ito kasama ang isang kaibigan. Kailangan ninyong magtiwala at sunding mabuti ang mga tagubilin ng mga ito.

Hawak ang bolpen o lapis, pumikit. Hayaang sabihin sa iyo ng kaibigan mo kung saan idodrowing ang mga mata, ilong, bibig, at buhok sa mukha. Pagkatapos ay tingnan mo ito. Ano ang kinalabasan nito? Puwede mong kulayan ang mukha at magdrowing ng isa pa para muling makapaglaro!

Kung minsan mahirap sundin ang mga tagubilin. Pero kapag sinikap nating sundin ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng pakikinig sa Espiritu Santo, tutulungan Niya tayo. Mapagkakatiwalaan natin Siya palagi.



MGA MUKHA © ISTOCK/GETTY IMAGES